JANUARY Makugihon

FEBRUARY Mahigugmaon

MARCH Matinabangon

APRIL Matinahuron

MAY Mahapsay og Malimpyo

JUNE Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY Maantigo og Maabilidad

AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER Madaginoton


OCTOBER Matinud-anon

NOVEMBER Masaligan

DECEMBER Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 6



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 4 - Modyul 7:

## Pagkatao Paunlarin, Ispiritwalidad Linangin



Pangalan ng Mag-aaral: ___________________________

Baitang at Pangkat: ___________________________

Pangalan ng Paaralan: ___________________________



# Alamin

Papapano ba maipapakita ang ispiritwalidad? Papaano ba ito nagpapaunlad ng pagkatao?

Mula sa nakaraang modyul, ang ispiritwalidad, ay tumutukoy sa sukdulan o imateryal (walang katawan o anyong materyal) na reyalidad. Ito ay nagbibigay katuturan sa ating pagkatao sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabuting kaugnayan sa kapwa tao at sa iba pang likha ng Diyos.

Ang ispiritwalidad ay mas nagkakaroon ng kabuluhan kapag isinasabuhay ng isang tao ang kaniyang pananalig sa Diyos, ito ay napakahalagang aspeto ng ating pagkatao.

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahan na maipaliliwanag kung paano nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad.

**Pamantayan sa Pagkatuto**
Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Maipaliliwanang kung paano nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad.



# Subukin

**Gawain 1**

**PANUTO:** Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa patlang bago ang aytem.

__1. Alin sa sumusunod ang nagsasabi ng tunay na diwa ng ispiritwalidad?

A. Kumikilala at nagmamahal sa Kapwa.
B. Naglilingkod at palaging nananalangin sa Diyos.
C. Nagmamahal at nagdarasal araw-araw.
D. Pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa at tumutugon sa tawag ng Diyos.

__2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng isang maunlad na pagkatao?

A. Pagpunta sa simbahan.
B. Kusang pagtulong sa mga nangangailangan.
C. Pagtatanim ng sama ng loob.
D. Pagiging madamot at matakaw

__3. Nawalan ng trabaho ang mga magulang ni Vin dahil sa pandemya at maaring hindi na siya makapagpatuloy sa pag-aaral sa kolehiyo, pero nais niyang makapag-aral parin, ano ang dapat niyang gawin?

A. Magtampo at magalit sa kanyang mga magulang.
B. Wag mawalan ng pag-asa at manalig sa Diyos.
C. Lumayas sa bahay at maghanap ng trabaho.
D. Maghintay ng tulong mula sa gobyerno.

__4. Ang mga sumusunod ay nagpapakita kung papaano nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad **maliban** sa isa, ano ito?

A. Kahandaang tumulong sa kapwa anumang kulay at estado sa buhay.
B. May malasakit sa lahat ng nilikha ng Diyos.
C. Mas pinapanigan ang mga taong may kaparehong paniniwala.
D. May respeto sa opinyon at paniniwala ng kapwa tao.

__5. Ang mga *boy scouts* at *girl scouts* na mag-aaral ng Ipil Heights Elementary School ay nag organisa ng isang *fund raising activity* upang matulungan ang mga nasalanta ng baha sa isang barangay sa kanilang munisipalidad. Anong katangian ng mga scouts na konektado sa ispiritwalidad ang kanilang ipinakita?

A. Matulungin
B. Makatao
C. Madamot
D. A at B

| Modyul 7 | Pagkatao Paunlarin, Ispiritwalidad Linangin |
|---|---|



## Balikan

Mula sa nakaraang modyul, ating talakayin ang inyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa tsart tungkol sa ***Ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang iyong paniniwala.***

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Isulat sa Kolum A "Alam ko NGAYON" ang mga bagay na nalaman mo mula sa paksang nabanggit (Ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang iyong paniniwala ).

| ISPIRITWALIDAD at MABUTING PAGKATAO. | | |
|---|---|---|
| A | B | C |
| **Alam ko NGAYON** | **GUSTO ko pang malaman** | **NADAGDAG ko na Kaalaman** |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## Tuklasin

**GAWAIN 3 Panuto:** Mula sa mga pahayag na naisulat mo sa tsart sa BALIKAN. Isulat sa KOLUM B "GUSTO ko pang malaman" ang mga bagay na nais mo pang matutunan tungkol sa ispiritwalidad at pagkatao.

| ISPIRITWALIDAD at MABUTING PAGKATAO. | | |
|---|---|---|
| A | B | C |
| **Alam ko NGAYON** | **GUSTO ko pang malaman** | **NADAGDAG ko na Kaalaman** |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

***Hinuhubog ng ispiritwalidad ang ating pagkatao. Ang pananalig at tiwala natin sa Diyos ay may malaking kaugnayan sa kung papaano tayo makitungo sa ating kapwa at sa lahat ng nilikha ng Maykapal. Suriin mo sa iyong sarili, paano ba napapaunlad ng iyong ispiritwalidad ang iyong pagkatao?***



## Suriin

Ang kahulugan ng ispiritwalidad sa buhay ng isang tao ay makikita sa kanyang pananalig, tiwala at pagtugon sa tawag ng Diyos.

Maaring hubugin ng ispiritwalidad ang pagkatao natin. Ang laki ng ginagampanan nito sa ating buhay ay pwedeng maka impluwensiya sa ating pagkatao.

Makikita ito base sa ating kilos, sa kung papaano tayo makitungo sa ibang tao, o sa kung papaano natin hinaharap ang bawat sitwasyon sa buhay natin.

Ang kapangyarihan ng ispiritwalidad upang mapaunlad ang pagkatao ay nakasalalay sa tibay ng pananalig sa Maykapal.

Masasabi na ang taong may malakas na ispiritwalidad ay mabuting tao. Nakabatay ang lahat ng ginagawa niya sa kanyang paniniwala sa Diyos.

Ilan sa katangian ng may maunlad na pagkatao dahil sa kanyang ispiritwalidad ay: May positibong pananaw sa buhay ano man ang pagsubok na kanyang pagdaanan, mayroong malawak na pag-iisip, isang mabuting mamamayan na  may respeto sa kapwa at handang tumulong ano man ang relihiyon,kulay, kasarian o kung ano pang mga pagkakaiba.



## Pagyamanin

**Panuto:** Basahin at suriin ang tula. Sagutan ang susunod na gawain.

### Ikaw ba si Mabuti?

Ikaw ba si Mabuti, yung lahat ng ginagawa ang Diyos ay kinokonsidera?
Laging iniisip kung ang ginagawa ay makakabuti ba o hindi sa kapwa.

Ikaw ba si Mabuti, yung naka Po at Opo sa tuwina?
May respeto sa lahat ng nakakasalamuha.

Ikaw ba si Mabuti, yung nagpapasalamat lagi sa lahat ng biyaya?
Salamat sa araw-araw, salamat sa kalusugang taglay.

Ikaw ba si Mabuti, yung walang dudang tumutulong sa kapwa?
Kusang loob at sa kapalit ay hindi umaasa.

Ikaw ba si Mabuti, yung marunong humingi ng tawad at nagpapatawad?
Yung hindi nagtatanim ng sama ng loob.

Ikaw ba si Mabuti, na pantay ang tingin sa lahat?
Hind isyu ang relihiyon, ang katalinuhan o kulay ng balat

Ikaw ba si Mabuti, yung may malakas na pananalig sa Diyos?
Di matitinag na tiwala, at tumutugon sa tawag Niya.

Ikaw ba si Mabuti, yung may positibong pananaw?
Naniniwalang lahat ng pagsubok ay malalagpasan.

Ikaw ba si Mabuti, likas na Makadiyos?
Hindi lang sa isip kundi sa gawa.

Ikaw ba si Mabuti, Ako ba si Mabuti, Tayo ba si Mabuti
Na Maka Diyos, Makatao, Makakalikasan, Makabansa?

**Gawain 4**

**Panuto:** Lagyan ng tsek ✓ ang mga pahayag na nagsasabi ng mga katangian ni Mabuti. Isulat ang sagot sa patlang bago ang aytem.

___1. Nagpapasalamat sa anumang biyayang natatanggap.

___2. Madaling mawalan ng pag-asa

___3. Nagtatanim ng sama ng loob.

___4. May respeto sa kapwa at sa iba pang likha ng Diyos.

___5. Malakas ang pananampalataya at tiwala sa Maykapal.



## Isaisip

**Gawain 6**

Mula sa mga nadagdag mo na kaalaman. Ipaliwanag kung paano nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad ng hindi bababa sa limang pangungusap.



# Isagawa

**Gawain 7**

**Panuto:** Gumawa ng LISTAHAN NG PAALALA na naglalaman ng mga bagay na nais mong hubugin at mapaunlad ng iyong ispiritwalidad, tulad ng pagiging mapagpatawad at iba pa.

Mga nais kong mapaunlad ng ispiritwalidad sa aking pagkatao:



# Tayahin

**Gawain 8**

**PANUTO:** Basahing mabuti ang bawat pangugusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa patlang bago ang aytem.

__1. Alin sa sumusunod ang nagsasabi ng tunay na diwa ng ispiritwalidad?

A. Kumikilala at nagmamahal sa Kapwa.
B. Naglilingkod at palagiang nananalangin sa Diyos.
C. Nagmamahal at nagdarasal araw-araw.
D. Pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa at ang pagtugon sa tawag ng Diyos.

__2.

| |
|---|
| Hiniling ni Rami sa mga magulang na sa halip na magkaroon ng party sa kanyang kaarawan ay magpapakain nalang sila sa mga nasalanta ng bagyong dumaan. Ano ang ipinapahayag nito tungkol sa pagkatao ni Rami? Si Rami ay__________________. |

A. Mayaman B. may malasakit C. ayaw sa party D. matipid

__3.

| |
|---|
| Dumadanas ng sunod-sunod na matinding pagsubok ang pamilya ni Luz, ano ang dapat niyang gawin? |

A. Tumigil sa pag-aaral
B. Manalig sa Diyos
C. Lumayas sa bahay.
D. Maghintay ng tulong

__4.

| |
|---|
| Isa sa mga nakaligtas si Tala sa isang sakuna , ngunit siya ay naniniwalang makakabangon at makapagsisimulang muli. Ano ang isinasabuhay ni Tala? |

A. Pagkakaroon ng positibong pananaw
B. Pagiging sanay na sa sakuna
C. Paghihintay ng ayuda mula sa pamahalaan
D. Pagkakaroon ng tiwala sa Diyos.

__5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng isang maunlad na pagkatao?

A. Pagpunta sa simbahan.
B. Kusang pagtulong sa mga nangangailangan.
C. Pagtatanim ng sama ng loob.
D. Paglabag sa batas.

__6.

Si Jam ay isang muslim, maliban sa pagdadasal ng limang beses sa isang araw makikita rin sa kanyang kilos at gawa ang pagsunod niya sa aral ng Islam. Isa na rito ang pagsunod sa sampung utos ng Diyos. Ano ang pinapahiwatig ng pahayag na ito sa pagkatao ni Jam?

A. May malakas na paniniwala siya sa Diyos.
B. Hinubog ng ispiritwalidad ang kanyang pagkatao.
C. Maunlad ang ang kanyang pagkatao dahil sa ispiritwalidad.
D. Lahat ng nabanggit.

__7. Ang mga sumusunod ay nagpapakita kung papaano nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad **MALIBAN** sa isa:

A. Kahandaang tumulong sa kapwa anumang kulay at estado sa buhay.
B. May malasakit sa kalikasan, sa mga hayop at sa lahat ng likha ng Diyos.
C. Mas pinapanigan ang mga taong may kaparehong paniniwala at relihiyon.
D. May respeto sa opinyon at paniniwala ng kapwa tao.

__8. Ang taong may pagmamahal at pananalig sa Diyos ay may mabuting pagkatao. Ang pahayag na ito ay ___________.

A. Tama,dahil hinuhubog natin ang ating pagkatao at mga kalagayan sa buhay sa ating pananalig sa Diyos.
B. Tama, dahil ang pagmamahal sa Diyos ay isang mabuting katangiang dapat paunlarin.
C. Mali, dahil hindi lang ispiritwalidad ang nagpapaunlad at magkaroon ng mabuting pagkatao.
D. Mali, dahil maaaring mahal ng isang tao ang Diyos, pero hindi siya mabuting tao.

__9.

Laging nagboboluntaryong tumulong si Mari sa tuwing may mga sakuna sa kanilang lugar o anumang okasyon na kailangan ang tulong niya. Ginagawa niya ito ng libre at walang kapalit dahil masaya ang kanyang pakiramdam sa tuwing nakakatulong siya sa kapwa. Ano ang pinapatunayan ni Mari?

A. Higit pa sa materyal na bagay ang pwede makapagbigay kasayahan sa isang tao.
B. Laging tumulong sa kapwa dahil nagbibigay ito ng kaligayahan.
C. Tumulong ng walang kapalit o bayad.
D. Tumulong at magboluntaryo tuwing may sakuna lamang dahil nakakapagpasaya ito.

__10.

| |
|---|
| Si Minda ay isang mapagmahal na anak, iniisip niya parati ang maaring maramdaman ng kanyang mga magulang sa tuwing gagawa siya ng isang bagay. Lagi siyang nagpapaalam kung may gagawin siya na sa tingin niya ay kailangan niya ang payo ng mga ito. Ano ang sinasabi nito tungkol kay Minda? Si Minda ay____________________. |

A. nakadepende lang sa kanyang mga magulang.
B. may mabuting pagkatao at mabuting anak.
C. laging nangangailangan ng payo.
D. palaging nag-iisip.



# Karagdagang Gawain

Maraming mga organisasyon na nagbibigay tulong sa kapwa, gaya ng Sagip Kapamilya, Bantay Bata 163, Children's Shelter, meron din na nangngalaga sa kalikasan at sa hayop, gaya ng Haribon Foundation, Greenpeace Philippines at iba pa.

**Gawain 9**

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na magkawang –gawa at makapili ng anumang organisasyon na nais mo na matulungan, ano ito at bakit?

**Pangalan ng Organisasyon**

_______________________________________________________

**Address at contact ng organisasyon:**

_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
____________________________________

**Dahilan ng pagpili:**

_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
________________________________________________

**Paraan ng pagtulong:**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
____________________________________________

## Sanggunian:

Department of Education. "Most Essential Learning Competencies". Date Accessed: November 26, 2020 https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad
Ipil Heights Elementary School
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*